# 30 barangay sa QC, idineklarang 'drug free'

Nasa 30 na ang mga drug-cleared barangay sa Quezon City .

Ito ay makaraang ideklara ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) ang lima pang barangay sa lungsod na wala nang naitalang anumang aktibidad na may kinalaman sa ilegal na droga.

Ayon kay QC Vice Mayor Joy Belmonte, chair ng Quezon City Anti-Drug Abuse Advisory Council (QCADAAC), ito ay bunga ng patuloy na drug clearing operations at dahil na rin sa intervention program ng lokal na pamahalaan para sa mga sumusukong drug user.

"We have been enhancing our efforts to combat illegal drugs in our city and the number added to our drug-cleared barangays is the result of that. The next step for these barangays is to help them become drug-resistant so that they can maintain being drug-cleared," ani Belmonte.

Ayon sa kasalukuyang tala, drug-cleared na ang Brgy. Dioquino Zobel, Brgy. Escopa I, Brgy. Camp Aguinaldo, Brgy. Blue Ridge B, at Brgy. Ugong Norte—lahat mula sa Distrito III—at kabilang na sa naunang 25 barangay na naideklarang drug-free mula Disyembre ng nakaraang taon.

Ilan sa mga batayan ng Dangerous Drugs Board (DDB) sa pagdeklara ng drug-clear barangay ay ang kawalan ng suplay ng ilegal na droga, mga drug transit at clandestine laboratory o warehouse, wala nang mga drug den at drug pusher, at ang aktibong pakikiisa ng lokal na pamahalaan laban sa ilegal na droga.

Isa ang Quezon City sa mga lungsod na kinilala ng Department of Interior and Local Government (DILG) na nangunguna sa pagpapatupad ng mahusay na kampanya laban sa ipinagbabawal na gamot kayat napagkalooban ng 100 functionality points kasama ang 20 iba pang local government units (LGUs). *(Angie dela Cruz)*